



BAKIT MAHALAGA ANG PARTISIPASYON SA PAGSUSULIT NG ESTADO SA MGA MAG-

Paano Nakakatulong sa Akin ang Pagkuha ng mga Pagsusulit ng Estado?

- Nagbibigay-daan ito sa iyo ng oportunidad na ipakita ang iyong nalalaman at magagawa sa English language arts, matematika, at agham. Makakatulong ito na hubugin ang iyong pagtutuunan ng pansin sa susunod na pag-aaral.
- Nagbibigay ito sa iyo at sa iyong pamilya ng maaasahang impormasyon na magagamit mo upang ihambing sa iba pang impormasyon ng assessment, tulad ng mga grado at mga resulta ng assessment ng paaralan at distrito.
- Ang paglahok ay nagbibigay ng impormasyon sa iyong mga guro at pinuno ng paaralan upang mapabuti ang kurikulum at mga kasanayan sa pagtuturo na kanilang ginagamit upang suportahan ang lahat ng mag-aaral.
- Ang pagsusulit ay isang regular na bahagi ng pag-aaral at tumutulong sa paggabay sa mga desisyon sa pag-aaral sa antas ng system at ito ay magandang kasanayan upang maghanda para sa pagsusulit na maaari mong maranasan sa iyong journey sa kolehiyo at/o career.

Alam mo ba?

Ang Estados Unidos ay nagpasa ng isang batas noong 2015 na **nangangailangan** ng pagsusulit ng buong estado sa ilang mga baitang at asignatura. Ang lahat ng mga mag-aaral sa mga baitang ito ay kumukuha ng mga pagsusulit ng estado.

Hindi pa natatagalan, ang ilang mga mag-aaral ay **hindi napabilang** sa pagsusulit, gaya ng mga mag-aaral na nakakaranas ng mga kapansanan at mga mag-aaral na tinukoy ng pederal bilang mga mag-aaral ng English.

Dahil ang **lahat** ng mag-aaral ay kumukuha ng parehong pagsusulit, maaaring isipin ng mga paaralan at guro ang **lahat** ng mga mag-aaral kapag sila ay nagpaplano.

Ano ang Ilang Bagay na Dapat Isaisip?

- Kung kinakabahan ka sa pagkuha ng pagsusulit, gumawa ng mga istratehiya na makakatulong sa iyong mag-relax sa panahon ng pagsusulit (hal., mga ehersisyo sa paghinga, pag-uunat, pagpapahinga ng kalamnan).
- Makipag-usap sa iyong pamilya o guro tungkol sa kung may mga bagay ba na maaaring mas magpapadali para sa iyo na kumuha ng mga pagsusulit sa estado ng Oregon, tulad ng mas mahabang oras o isang tahimik na lugar.

KONTAK



[ODE's Assessment Team Webpage](#)

Mangyaring ipadala ang anumang mga tanong, komento o rekomendasyon sa:

ODE.AssessmentTeam@ode.oregon.gov

Assessment Resources ng ODE

[Parent Assessment Literacy
Training Modules](#)